# Balitang Manmin

BILANG 62 MAYO 20, 2012

# Idinaos sa Peru ang Seminar para sa mga Pastor, Krusadang may Panyong Nakakapagpagaling,

## at Pagsamba sa 2012 para sa Ika-6 na Anibersaryo ng Peru Manmin Church sa Pamamahala ni Pastora Soojin Lee





Hindi mabilang ang umakyat sa entablado para magbigay ng patotoo ng kanilang paggaling sa maraming sakit dahil sa panalanging may panyo(Tagapagsalitang si Pastora Soojin Lee).

Isinagawa sa Peru, Latin America, ang Seminar para sa mga Pastor at ang Krusadang may Panyong Nakakapagpagaling. Pinamunuan ito ni Pastora Soojin Lee, Pangkalahatang Punong Pastora ng Manmin Central Church at Pangalawang Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ. Naipahayag nang labis ang kaluwalhatian ng Diyos doon.

Noong Abril 13, idinaos ang Krusadang may Panyong Nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12) sa Carabayo. Ang pagtitipon ay sinimulan sa pagkanta ng mga papuri na pinangunahan ng lokal na grupo ng mga mang-aawit. Sinundan ito ng pagpapalabas ng video na may pamagat na 'The Power of God' (Ang Kapangyarihan ng Diyos). Ipinakita dito ang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee na nakapagdala sa Panginoon ng mga kaluluwa mula sa buong mundo, sa dakila at kamangha-manghang kapangyarihan.



Pagsamba para sa Ika-6 na Anibersaryo ng Peru Manmin Church



Ang oras ng papuri sa Seminar para sa mga Pastor sa Peru Manmin Church




Ang Power Worship Dance Team sa Krusadang may Makapangyarihang Panyo sa Carabayo. Nakadagdag sa kasiyahan ang pagtatanghal nila.

Isang bahagi ng video ang nag-udyok ng pagluluwalhati sa Diyos. Ito ang nagpapakita ng Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Lee sa Peru noong 2004 at ng patotoo ni Pastor Jae Ho 'Lazarus' Lee na muling nabuhay nang mawalan ng malay dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Ang mga dumalo ay nagbunyi sa galak at pagpupuri.

Napuspos ng kagalakan ang kongregasyon sa napakahusay na pagtatanghal ng grupo ng sining ng Manmin Central Church. Isinayaw ng Power Dance Team ang 'fan dance', isang tradisyunal na sayaw ng Korea at isang tradisyunal na sayaw ng Espanya. Nang manguna sa mga kantahan ang soloista ng Manmin Central Church na si Diakonesa Yoonhee Song, napuno ng emosyon ang mga dumalo at naghandog ng mabangong samyo sa Diyos habang lumuluha.

Tumanggap ng plake ng pagpapahalaga si Pastora Soojin Lee mula kay Raphael Marcello, Alkalde ng Carabayo. Pagkatapos, naghatid siya ng mensaheng may pamagat na "Why Is Jesus Our Only Savior?" (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?) at maalab na nanalangin para sa mga taong dumalo gamit ang makapangyarihang panyo.

Nang sandaling iyon, maraming may kapansanan ang tumayo mula sa kanilang silyang may gulong at lumakad sa paligid ng pinagdadausan ng pagtitipon. Umakyat sa entablado ang mga taong gustong magpatotoo tungkol sa paggaling nila. Nakangiting sinabi ng isang babaing may cancer sa dibdib na nawala na ang nararamdaman niyang sakit. Nakakita rin ang mga bulag at nakatalon at nakalakad ang mga lumpo. Umapaw ang kaligayahan sa mga lansangan ng Carabayo.



Pagbisita ng grupong pangmisyon sa Gusali ng National Assembly ng Peru

Maraming mga pulitiko katulad ni Julia Rosa, mula sa partido ng oposisyon, ang dumalo sa pagtitipon. Inanyayahan nila si Pastora Lee at ang grupo ng sining sa Pambansang Kapulungan ng Peru. Nais nilang tumanggap ng panalangin at biyaya.

Noong Abril 14 naman, nagdaos ng Seminar para sa mga Pastor. Ipinangaral ni Pastora Soojin Lee ang mensaheng "Why is Jesus Our Only Savior" at "The Keys to the Church Revival" (Ang mga Paraan para Muling Pasiglahin ang Iglesya). Dumalo si Pastor Felipe Juamani, Tagapangulo ng komite ng Krusada ng Pagkakaisa sa Peru ni Dr. Jaerock Lee noong 2004. Kasama niya ang humigit-kumulang limandaang mga pastor mula sa mga bansang Latino tulad ng Brazil, Venezuela, at Colombia. Marami sa kanila ang dumalo dahil tumanggap sila ng mga pagpapala sa mga mensahe ni Dr. Lee sa pamamagitan ng iba't ibang media tulad ng Enlace TV.

Sinabi nila: "Nanumbalik ang una kong pag-ibig bilang isang Cristiano." "Napuspos ako ng Banal na Espiritu at tumanggap ako ng malaking pagpapala." "Nagdurusa ako sa sakit sa katawan ko, subalit napawi ito nang matanto ko kung ano ang kasalanan dahil sa mensaheng napakinggan ko kaya nagsisi ako." At dahil sa panalanging may panyo ni Pastora Soojin Lee, may mga napagaling sa sakit sa tainga, tiyan, likod, at tuhod. Ang iba naman ay gumaling sa diabetes at depresyon. Marami sa kanila ang nagkaroon ng mas malinaw na paningin.



Si Pastora Soojin Lee kasama ang mga miyembro sa Ventania

May mga dumating mula sa humigit-kumulang tatlumpung mga Cristianong kapulungan. Sinabi ng isa sa kanila, "Nakikita ko na totoong batay sa Biblia ang mga itinuturo ni Dr. Lee dahil sumiglang muli ang Peru Manmin Church sa loob lang ng anim na buwan." Pagkatapos ng seminar, bumili sila ng maraming libro at DVD ng mga sermon ni Dr. Lee na isinalin sa wikang Kastila.

Noong Abril 14, idinaos ng Peru Manmin Church ang Pagsamba para sa Ika-6 na Anibersaryo ng iglesya at Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling. Napuno ng mahigit sa 1,100 na mga miyembro ang santuwaryo, mga pasilyo, hagdanan, at pati na ang mga banyo. Ipinahayag ni Pastora Soojin Lee ang mga mensaheng "Blessings When You Act in the Light" (Pagpapala Kapag Nasa Liwanag Ka) at "Heaven Suffers Violence" (Nagdurusa sa Karahasan ang Langit). Inihatid niya ang mga mensaheng may pag-asa: "Maaari kayong mapunta sa Langit at tumanggap ng mga biyaya dito sa lupa kapag iwawaksi ninyo ang mga kasalanan ninyo at magiging banal kayo."

Noong Abril 16, bumisita ang grupong nagmimisyon sa lugar ng Ventania kung saan naninirahan ang limandaang miyembro ng iglesya at tinulungan ang mga ito para lumago sa espirituwal na buhay nila.

Samantala, bumisita naman si Pastora Lee sa gusali ng Peruvian National Assembly bilang pagpapaunlak sa imbitasyon ni Julio Rosa. Nakilala niya ang maraming pulitiko at tinalakay nila ang mga pangyayari sa Peru sa kasalukuyan tulad ng tungkol sa pulitika, ekonomiya at mga kaganapan sa lipunan. Nakipag-ugnayan din siya para sa pagtutulungan sa hinaharap sa pagitan ng Manmin Central Church at ng Peru. Nagtapos ang okasyon sa pananalangin ni Pastora Soojin Lee para sa mga biyaya.

# Binasa ng mga Luha Niya ang mga Paa ni Jesus, Hinagkan Niya ang mga Ito

"Nang malaman ng isang babaing makasalanan sa lunsod na Siya'y nakaupo sa hapag sa bahay ng Fariseo, nagdala ito ng isang sisidlang alabastro na may pabango. At tumayo siyang umiiyak sa likuran sa may paanan ni Jesus. Pinasimulan niyang basain ang Kanyang mga paa ng kanyang mga luha, pinunasan ang mga ito ng kanyang buhok. Patuloy niyang hinagkan ang mga paa ni Jesus at binuhusan ang mga ito ng pabango." (Lucas 7:37-38)

Kung tatanggap tayo ng pagpapala mula sa isang tao, natural lang na ibalik ang pagpapalang ito. Subalit may mga nakakalimot sa tungkuling ito at sa pagpapala mismo, o kaya ibabalik nga pero hindi pa lulubusin, at sasabihin pa, "Ginawa ko na ang dapat gawin." Subalit ang mabubuting tao ay hindi nakakalimot sa pagpapalang natanggap, at hindi nagbabago ang mapagpasalamat na puso nila.

Mayroong isang babaing nagpasalamat sa pagpapalang natanggap niya at nagpakita ng hindi nagbabagong puso. Siya ay si Maria Magdalena. Ano ang dapat nating gawin para magkaroon ng kagandahang loob at pag-ibig na katulad niya?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Ang kabutihan ni Maria Magdalena at ang biyayang ibinigay sa kanya

Inilalarawan sa Lucas 7:36-38 ang isang pangyayari nang pumasok si Jesus sa bahay ng isang Fariseo. Isang babae, si Maria Magdalena, ay nagdala ng maliit na sisidlang alabastro na may lamang pabango. Habang nakatayo at umiiyak sa likuran ni Jesus, sinimulan niyang basain ng mga luha niya ang mga paa nito, pinunasan ng kanyang buhok, hinagkan, at nilagyan ng pabango. Ano bang klaseng babae si Maria Magdalena?

Si Maria Magdalena ay ipinanganak sa Magdala na nasa timog na bahagi ng Gennesaret. Ang Gennesaret ay nasa hilagang-kanlurang bahagi ng Dagat ng Galilea. Sumasamba ang karamihan sa mga tao sa Magdala sa mga banyagang diyos. Ang buong nayon ay sumasamba sa diyus-diyosan, kaya ito ay nababalot ng kadiliman. Sinasabi sa Lucas 8:2, "At ang ilang babae na pinagaling mula sa masamang espiritu at sa mga sakit: si Maria na tinatawag na Magdalena, na mula sa kanya'y pitong demonyo ang lumabas." Nagdusa rin si Maria Magdalena mula sa mga demonyo.

Mayroong dalawang magkaibang sitwasyon sa pagdurusa ng mga tao dahil sa demonyo: ang una ay isang tao lang ang nagdurusa dahil sa demonyo; ang pangalawa ay isang buong pamilya o buong nayon ang sinasapian ng mga demonyo. Kapag ang isang tao ay nilukuban ng demonyo, nananahan ito sa katawan niya at binibihag ang puso niya. Iba ang nangyari kay Maria Magdalena. Ang pagdurusa niya mula sa pitong demonyo ay dahil sa isinumpa ang pamilya niya – ang mga ninuno niya ay matagal na panahon nang sumasamba sa mga diyus-diyosan.

Dumanas siya ng maraming karamdaman at karalitaan sa napakahirap na kalagayan. Tinalikuran at kinapootan siya ng iba, at nawalan na ng pag-asa. Isang araw, nabalitaan niya ang tungkol kay Jesus na nagpagaling ng bulag at pipi, at iba't ibang uri ng karamdaman. Magmula noon, hinangad na niyang makita si Jesus, iniisip niya, "Lalaya ako sa lahat ng karamdaman ko at sa mga puwersa ng kadiliman kapag nakaharap ko Siya."

Sa wakas, dumating si Jesus sa bahay ni Simon, isang Fariseo, kaya nagdala si Maria Magdalena ng isang maliit na sisidlang gawa sa alabastro na may lamang pabango, ito'y pinakamahalagang bagay para sa kanya. Wala siyang lakas ng loob humarap kay Jesus kaya tumayo siya sa likuran, sa may paanan Niya. Tuloy-tuloy na dumaloy ang luha sa mukha niya at tumulo ito sa mga paa ni Jesus. Pinunasan niya ito ng buhok niya at ipinahid dito ang pabangong dala niya.

Dahil sa ginawa niya, pinagaling ni Jesus ang lahat ng karamdaman niya at binigyan siya ng pag-asa para sa Langit at ng tunay na pag-ibig. Pagkatapos nito, nagbago na ang buhay niya, umaapaw araw-araw ang kagalakan at kaligayahan. Naglingkod siya kay Jesus ng taos-puso at nagpasiya na isakripisyo ang buhay niya para kay Jesus. Kahit nagsitakas ang mga alagad dahil sa takot, hindi niya iniwanan ang lugar na pinagpakuan kay Jesus dahil napakalaki ng pagmamahal niya sa Kanya.

Pagkatapos ng Sabbath, noong umaga ng unang araw ng linggo, nagpunta siya sa libingan ni Jesus para pahiran ang katawan Niya ng pabango. Pinagpala siya dahil siya ang unang nakakita sa Panginoon na muling nabuhay. Hindi ito nagkataon lang. Makikita natin dito na mahal na mahal niya si Jesus at iniibig din siya ni Jesus.

### 2. Ang espirituwal na kahulugan ng pagbasag niya sa sisidlan at pagpahid ng pabango

Ano ang espirituwal na kahulugan ng pag-iyak ni Maria Magdalena sa paanan ni Jesus hanggang sa mabasa na ng luha niya ang mga paa nito; pagpunas niya sa mga paa ni Jesus gamit ang buhok niya; paghalik niya sa mga paa ni Jesus; at pagpahid ng pabango sa mga paa ni Jesus? Ipinapakita dito na inialay niya ang katawan, puso at debosyon niya kay Jesus.

Noong panahong iyon, hindi inilalantad ng mga kababaihan ang mga sarili nila sa mga tao. Subalit hindi nabahala si Maria Magdalena sa iisipin ng ibang tao tungkol sa kanya. Ang mahalaga sa kanya ay gusto niyang mahagkan ang mga paa ni Jesus at punasan ang mga ito ng buhok niya. Mayroon kasi siyang inosente at busilak na puso tulad ng puso ng isang bata. Napakamahalaga ng buhok sa mga kababaihan. Ang pagpupunas ng buhok niya sa mga paa ni Jesus ay mapagkumbabang pagpapakita ng pagmamahal at maalab na pagnanais na maglingkod kay Jesus.

Ang pagbasag ng sisidlan ng pabango ay nangangahulugang iniaalay niya ang sarili kay Jesus. Isinisimbolo ng sisidlan ang mga sarili natin. Kahit gaano pa kamahal ng pabango, maibubuhos lang ito kung babasagin ang sisidlan. Ibig sabihin, dapat nating lubos na isuko at ilaan ang mga sarili natin kahit mataas ang kalagayan natin sa harap ng ibang tao. Kung iisipin natin ang sasabihin ng iba at magkakaroon ng makalaman na saloobin, hindi natin maipapakita ang perpektong debosyon natin. Hindi tayo magkakaroon ng ganap na pag-ibig at debosyon kung hindi natin 'babasagin ang sarili' sa mga pagkukunwari at pagpapakitang-tao natin.

Ang pagpahid niya ng mamahaling pabango sa mga paa ni Jesus ay nangangahulugang ibinibigay niya ang buong puso niya at pagmamahal sa Kanya. Ipinapakita nito na lalabas ang tunay na pag-ibig kapag iwawaksi natin ang makalamang pagnanasa at pagsisikapang matamo ang kalooban ng Banal na Espiritu.

### 3. Kagandahang loob para sa Diyos na maibalik natin ang biyayang natanggap

Kapag tumatanggap ang mga tao ng tulong o pagpapala mula sa iba, may ilan na nagpapasalamat ngunit hindi nila ito ipinapahayag sa kapwa. Hindi ito maaaring tawagin na kagandahang loob. Kung itinago ni Maria Magdalena ang pasasalamat niya sa puso niya, hindi sana siya ang unang nakakita ng muling pagkabuhay ng Panginoon.

Dahil matapang niyang ipinakita ang pagmamahal niya kay Jesus, ang espirituwal na samyo ng pag-ibig niya ay lumaganap at nananatili hanggang ngayon. Mas mauunawaan natin ito mula sa pag-uusap ni Jesus at ng Fariseo na nagpapalagay na kakaiba ang ginawa ni Maria Magdalena.

Sinasabi sa Lucas 7:39-47, "Nang makita ito ng Fariseo na nag-anyaya sa Kanya ay sinabi nito sa kanyang sarili, Kung ang taong ito ay isang propeta, nakilala sana Niya kung sino at anong uring babae itong humihipo sa Kanya, sapagkat siya'y makasalanan." Dahil batid ni Jesus ang iniisip niya, ipinaunawa sa kanya ang sitwasyon sa pamamagitan ng isang kuwento. "Simon,... may dalawang taong nanghiram sa isang taong nagpapautang. Ang isa'y umutang ng limang daang denario at ang isa'y limampu. Nang sila'y walang maibayad, pareho niyang pinatawad sila. Ngayon, alin sa kanila ang higit na magmamahal sa kanya?" "Sumagot si Simon, 'Sa palagay ko ay iyong pinatawad niya ng mas malaki.'"

"At sinabi Niya sa kanya, 'Tama ang hatol mo.... nakikita mo ba ang babaing ito? Pumasok Ako sa iyong bahay, hindi mo Ako binigyan ng tubig para sa Aking mga paa, subalit binasa niya ang Aking mga paa ng kanyang mga luha at pinunasan ang mga ito ng kanyang buhok. Hindi mo Ako hinalikan, subalit buhat ng Ako'y pumasok ay hindi pa siya humihinto ng paghalik sa Aking mga paa. Hindi mo binuhusan ng langis ang Aking ulo, subalit binuhusan niya ng pabango ang Aking mga paa. Kaya't sinasabi Ko sa inyo, ang marami niyang kasalanan ay pinatawad na, sapagkat siya ay nagmahal ng malaki.'"

Mahal kong mga kapatid, ang dahilan kung bakit pinuri ni Jesus si Maria Magdalena ay sapagkat nagpakita siya ng magandang halimbawa ng pagbibigay ng tunay na pagmamahal at paghahandog kay Jesus. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na hindi ninyo kakalimutan ang mga pagpapalang tinatanggap ninyo sa halip ay isabuhay ang kagandahang loob, may pusong hindi nagbabago para maging kalugod-lugod sa Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# 'Jesu-Cristo – Ang Tawag sa Pag-ibig'



Si apostol Pablo sa pagtatanghal




## Ang Paggunita ni Apostol Pablo Tungkol sa Muling Pagkabuhay

Noong Abril 6, itinanghal sa espesyal na entablado ng Manmin Central Church sa ikalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes ang 'The Name of Love, Jesus-Christ' (Jesu-Cristo, Ang Tawag sa Pag-ibig). Ang pagtatanghal na ito para sa Linggo ng Muling Pagkabuhay ay pinamahalaan ng Komite ng Sining. Humigit-kumulang, apat na raang tao ang lumahok, kasama na dito ang United Choir, Nissi Orchestra, mga artistang babae at lalaki, mga grupo ng mananayaw, at iba pa.

Sa Unang Tagpo ng palabas, ginunita ni apostol Pablo ang unang pagkakataong nakilala niya ang Panginoong Jesus noong patungo siya sa Damasco. At sa Ikalawang Tagpo, ginunita niya ang kapanganakan, ministeryo, pagdurusa, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit ng Panginoon. Sa Ikatlong Tagpo, nagpasalamat at niluwalhati niya ang Diyos sa pag-alala niya sa naging buhay ng Panginoon. Narito ang ilang mga litrato ng pagtatanghal na puno ng pagpapala at emosyon.



Nakilala ni Pablo ang Panginoon sa daan patungo sa Damasco



Ipinangaral ni Jesus ang ebanghelyo ng Langit



Pinagaling ni Jesus ang bulag



Pinahiran ng pabango ni Maria Magdalena ang mga paa ni Jesus



Nanalangin si Jesus sa Getsemani



Ipinasan ni Jesus ang krus



Ilang kababaihan at si apostol Juan ang sumunod kay Jesus patungo sa Golgota



Pagpako sa Krus



Muling Pagkabuhay



Pag-akyat sa Langit



Pagtatapos (Nagpasalamat at Niluwalhati ni apostol Pablo ang Panginoon)

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# "Nangangarap na Maging Pinakamahusay na Mananayaw para Maipahayag ang Kagandahan ng Langit"



**Kap. Jihyung Song** (Pangulo ng 1-1 Canaan Mission, Lider ng Heavenly Dance Team)

Noong 1991, nasuri na mayroon akong supraventricular tachycardia noong dalawang buwan pa lang ako. Ito ay ang napakabilis at hindi normal na pagtibok ng puso. Dahil dito, nahihilo ako, may problema sa paghinga, at sumasakit ang dibdib ko. Maaaring matuloy ito sa paghihimatay o biglaang kamatayan. Sinabi sa akin ng isang cardiologist (doktor ng puso) sa Seoul National University Hospital na hindi na ako lubusang magagamot pa.

### Gumaling ang supraventricular tachycardia ko dahil sa panalangin para sa mga may sakit

Noong 3 taong gulang ako, madalas akong dalhin sa Seoul National University Hospital. Noong minsan, dinala ako sa Intensive Care Unit (ICU). Samantala, nabalitaan ng pamilya ko ang tungkol sa Manmin Central Church. Nanalig ang nanay ko, si Punong Diakonesa Hyunsook Cho, na gagaling ang karamdaman ko kung magpapalista siya bilang miyembro ng Manmin.

Noong Mayo 30, 1993, nagparehistro ang pamilya ko. Nang oras na iyon, nanalangin sa pulpito ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa mga may sakit pagkatapos niyang maghatid ng mensahe. Tinanggap ng nanay ko para sa akin ang panalangin nang may pananampalataya. Pagkatapos nito, gumaling na ang sakit ko sa puso na sinabing hindi na magagamot pa. Magmula noon, naging malusog na ako.

Palaging ipinapaalala sa akin ng nanay ko ang pagpapala ng Diyos sa akin. Sinikap kong mamuhay ayon sa Biblia habang inaalala ang pagpapala magmula noong bata pa ako. Noong nasa ika-9 na baitang na ako, sumali ako sa Korean Traditional Dance Team ng Komite ng Sining sa iglesya namin. Ipinagsasama ng grupo ang tradisyunal na mga sayaw ng Korea at ang kulturang Cristiano. Sa katunayan, hindi ako nagsasayaw dati. Mukha daw akong patpat dahil matangkad at payat ako. Matigas din ang katawan ko kaya binansagan akong "Stiff Sister Song."

Hindi pa rin ako naging magaling sa pagsasayaw pagkatapos ng isang taon. Hindi ko talaga talento ang pagsasayaw kaya pakiramdam ko, nahihirapan din ang ibang miyembro sa grupo dahil sa akin. Madalas na umiiyak ako dahil dito. Pero pinapalakas pa rin ang loob ko ng nanay ko at ni Diakonesa Kyungae Seo, na siyang nagtuturo sa aking sumayaw.

Dahil sa kanila, lumakas ulit ang loob ko, nanalangin ako, at may pananalig na sinikap kong makapagsayaw sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na nagpagaling sa akin.

### Mas lumalim ang pagmamahal ko sa Panginoon dahil sa karanasan sa pananampalataya

Isang araw ng Linggo, noong nasa ika-11 baitang ako, matindi ang pananakit ng tiyan ko dahil sa buwanang dalaw. Dati nang nangyayari sa akin ito pero malala ang sakit sa pagkakataong ito. Pakiramdam ko, hindi dumadaloy nang maayos ang dugo sa katawan ko, nahilo ako, hanggang sa nawalan ako ng malay-tao. Nang marinig ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol dito, tinanong niya ako kung bakit hindi ko pa tinatanggap ang panalangin niya para dito kaya ipinanalangin niya ako. Sinabi niyang walang imposible sa panalanging may pananampalataya. At gumaling ang pananakit ng tiyan ko dahil sa buwanang dalaw na matagal ko nang tinitiis. Ngayon, ni hindi ko na napapansin na may buwanang dalaw ako dahil wala na akong nararamdamang sakit.

Nagbigay ito sa akin ng mas malaking pananampalataya at pag-asa para maging mananayaw na nagbibigay ng luwalhati sa Diyos. Kumuha ako ng kurso sa pagsasayaw sa kolehiyo at nagsikap na maging pinakamahusay na mananayaw na luluwalhati sa Diyos.

Gusto kong magkaroon ng mas maganda at mahusay na puso para sa Diyos kapag nagbibigay ng espesyal na pagtatanghal bilang miyembro ng Korean Traditional Dance Team. Noong 2010, tinawag ako ng Diyos para maging miyembro ng Heavenly Dance Team na naglalarawan ng kagandahan ng Langit sa pamamagitan ng sayaw.

### Nagagawa ko na ngayong luwalhatiin ang Diyos bilang lider ng Heavenly Dance Team

Naging lider ako ng Heavenly Dance Team. Gusto kong unahin ang pagpapabanal dahil naniniwala ako na malugod na tatanggapin ng Diyos ang mabangong samyo ng pagsasayaw at bibigyan Niya ako ng husay at tamang emosyon kung mayroon akong banal na puso. Naniniwala din ako na tutulungan ako ng Diyos na maging magaling sa pagsasayaw ko.

Pinagsikapan ko ring sundin ang Salita ng Diyos na nagsasabi ng mga dapat at hindi dapat gawin, at mga bagay na dapat iwaksi at dapat ingatan. Masaya ako sa pagsunod ko sa Salita ng Diyos at sa pagtulad sa Panginoon.

Nagsisikap ding mapabanal ang mga miyembro ko at magkaroon ng mabubuting puso. Nadadagdagan ang kagalakan at kasiyahan kapag hinahangad nating maluwalhati ang Diyos.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos Ama na nagbibigay ng kalusugan, kasiyahan, at pag-asa para sa Langit. Nagpapasalamat ako kay Dr. Jaerock Lee na nagpapalago sa akin sa salita ng buhay.

## "Ikaw, Ako, Tayo!" Kapag Sama-sama, Mas Gaganda Pa ang 'Heavenly Dance Team'





Ang Heavenly Dance Team ay binubuo ng pitong mananayaw na nag-aral o nag-aaral ng pagsasayaw sa kolehiyo. Ipinapakita ng grupo ang kagandahan ng Langit sa pamamagitan ng sayaw. Nananalangin muna sila bago isaayos ang mga pagtatanghal. Pagkatapos, hinihingi ang opinyon ng isa't isa tungkol sa mga kanta, kasuotan, at mga props para mas maging maganda ang pagtatanghal nila sa mga espesyal na okasyon sa iglesya.

Higit pa riyan, sinisikap ng mga miyembro na tularan ang Panginoon na Siya mismo ang kabutihan at kagandahan at nagkakaisa para makapagbigay ng samyong nakalulugod sa Diyos. Wala silang kapaguran kahit magdamag silang nag-eensayo dahil puno ng pagpapala at patotoo ang mga buhay nila.

Nagsisikap silang pagbutihin ang espirituwal na buhay nila at pag-igihin ang pagsasayaw nila sa pamamagitan ng pag-aaral ng iba't ibang klaseng sayaw. Gusto nilang maging pinakamahusay na grupo ng mga mananayaw sa buong mundo na nangunguna sa kulturang Cristiano. Sa mga huling araw na ito, nais nilang ipakita ang napakagandang Langit sa pamamagitan ng sayaw.



